


Valley Transportation Authority

# *TALAAN NG IMPORMASYON:* ***Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit***

## Transit Center ng Berryessa/Hilagang San Jose

### Pangkalahatang Ideya

Ang Transit Oriented Development site ng Berryessa/North San Jose ay 3.3 ektaryang ari-arian na katabi ng BART Berryessa Station na matatagpuan sa Mabury Road at Station Way. Matatagpuan ang ari-ariang ito sa loob ng BART Urban Village Plan ng Berryessa. Nakipagpartner ang VTA sa Affirmed Housing Group upang magtayo ng 195 naunit ng abot-kayang pabahay na tinatayang 1 ektarya ng site.

Nakipagpartner ang VTA sa Office of Supportive Housing ng Santa Clara County sa site na ito. Pinangangasiwaan ng Office of Supportive Housing ang Affordable Housing Bond ng 2016 Measure A. Pinasisigla ng pakikipagpartner na ito ang pagpapaunlad ng abot-kayang halaga ng pabahay sa lugar na ito.



### Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit

Ang Transit-Oriented Development (TOD) ng VTA ay nakikipagtulungan sa munisipyo, sa non-profit at mga pribadong kapartner upang pasiglahin ang pagpapaunlad ng pabahay, tindahan, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na makakatulong sa pagdami ng sumasakay sa transit na siya namang makakadagdag sa sigla ng komunidad. Kasama sa Transit Oriented Communities Policy ng VTA ang Affordable Housing Policy, na humihiling na 25% ng pabahay sa site ay dapat na abot-kaya at ang hindi bababa sa kalahati ng mga abot-kayang yunit ay para sa mga samabahayang pinakamababa ng kita at napakababa ng kita.

### Mga Layunin

- Makipag-ugnayan sa komunidad upang tugunan ang mga alalahanin, makakuha ng feedback tungkol sa proyekto at istasyon, at makalikha ng proyekto na magpapaaninag sa mga pinahahalagahan at prayoridad ng pamayanan.
- Madagdagan ang magkahalo ang gamit na pagpapaunlad, kabilang na ang mga opurtunidad para sa abot-kayang pabahay na malapit sa transportasyon
- Maglaan ng mga oportunidad ng trabaho malapit sa transit
- Makapagbigay ng pangmatagalang kita na susuporta sa mga operasyon ng transit

### Mga Resulta

- Mga pabahay at trabahong malapit sa mga sentro ng transit
- Mas malinis na hangin at mas mababang pagbuga ng greenhouse gas
- Maluwag daloy ng trapiko
- Pagdami ng mga sumasakay sa pampublikong transit
- Nadagdagan ang publikong sumasakay sa transit

### Mga benepisyo

- Natugunan ang Pangangailangan sa Pabahay — nakakatulong upang matugunan ang mga krisis sa panrehiyong pabahay
- Mga pakinabang sa kapaligiran at pampublikong kalusugan
- Nabawasan ang pagiging umaasa sa sasakyan - ang mga residente sa TOD ay may mas kakaunting pangangailangan sa paradahan
- Pagiging Nakikipagsabayang Pang-ekonomiya — ang mga lokasyon ng TOD ay kaakit-akit sa mga employer
- Mga Pakinabang sa Pamayanan at sa Piskal – nakakagawa ang TOD ng malaking katipiran sa sambahayan (ang mga taong nakatira malapit sa transit ay gumugugol ng mas kaunti sa mga gastos sa transportasyon)

### Iskedyul ng Proyekto/Pagpapaunlad

| | |
|---|---|
| Mga Kailangang Pag-aasikaso Bago and Pagpapaunlad | 2020-2021 |
| Pumili ng Developer | 2022 |
| Aayusin ng Developer ang mga Proyekto sa pamamagitan ng Opinyon ng Komunidad | 2022-2024 |
| Pag-aaral sa Pag-access sa Istasyon | 2023 |
| Pananalapi at mga Permit ng Lungsod | 2024-2025 |
| Konstruksyon | 2025-2027 |

### Paano Kami Makokontak

**Community Outreach ng VTA**
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY
*Community.outreach@vta.org*
*vta.org/berryessadevelopment*